# Technology for Teaching-Learning Integration Plan

| | |
|---|---|
| **NAME** | **Marigold S. Mutia** |
| **MAJOR** | **Bachelor in Secondary Education major in Social Studies** |

| | |
|---|---|
| **Subject Title/ Grade Level** | Araling Asyano<br>Grade 7 |
| **Description** | Naipamamalas ang malalim na pag-unawa at pagpapahalaga sa kamalayan sa heograpiya , kasaysayan, kultura, lipunan, pamahalaan at ekonomiya ng mga bansa sa rehiyon tungo sa pagbubuo ng pagkakakilanlang Asyano at magkakatuwang na pag-unlad at pagharap sa mga hamon ng Asya. |
| **Learning Outcomes** | ***Unang Markahan***<br>1. Maipapaliwanag ang konsepto ng Asya tungo sa paghahating – heograpiko: Silangang Asya, Timog-Silangang Asya, TimogAsya, Kanlurang Asya, Hilagang Asya at Hilaga/ Gitnang Asya.<br>2. Maipamamalas ng mag-aaral ang pag-unawa sa ugnayan ng kapaligiran at tao sa paghubog ng sinaunang kabihasnang Asyano.<br>3. Makagawa ng pangkalahatang profile ng heograpiya ng Asya.<br>***Ikalawang Markahan***<br>1. Ang mag-aaral ay may kritikal na pagsuri sa mga kaisipang Asyano, pilosopiya at relihiyon na nagbigaydaan sa paghubog ng sinaunang kabihasnan sa Asya at sa pagbuo ng pagkakilanlang Asyano.<br>2. Nakakabuo ng mga kongklusyon hinggil sa kalagayan, pamumuhay at development ng mga sinaunang pamayanan.<br>3. Nasusuri ang paghubog, pagunlad at kalikasan ng mga mga pamayanan at estado. |
| **Curriculum Guide Link** | https://www.deped.gov.ph/wp-content/uploads/2019/01/AP-CG.pdf |

| | |
|---|---|
| | **Technology for Teaching-Learning Integration Plan** |

*Unang Markahan*

| | |
|---|---|
| **Unit Objectives/Key Understanding** | 1. Maipapaliwanag ang konsepto ng Asya tungo sa paghahating – heograpiko: Silangang Asya, Timog-Silangang Asya, TimogAsya, Kanlurang Asya, Hilagang Asya at Hilaga/ Gitnang Asya.<br>2. Maipamamalas ng mag-aaral ang pag-unawa sa ugnayan ng kapaligiran at tao sa paghubog ng sinaunang kabihasnang Asyano.<br>3. Makagawa ng pangkalahatang profile ng heograpiya ng Asya. |
| **Topic** | ***Heographiya sa Asya***<br>**A. Katangiang Pisikal ng Asya**<br>- Konsepto ng Asya<br>- Katangiang Pisikal<br>**B. Mga Likas na Yaman ng Asya**<br>**A. Yamang Tao**<br>-Yamang tao at Kaunlaran<br>-Mga Pangkat-Etniko sa Asya at kani-kanilang wika at kultura |
| Week & Duration | **June - August**<br>(3 meetings per week, 1 hr per meeting) |
| Learning Activities (Required Output) | 1. Gumawa ng isang Scrapbook. |
| Edtech Tools Needed | ***Video Presentation***: Upang maipakita ang aktuwal na mga bahagi na sinasakop ng Asya.<br>***Power Point Presenation***: Upang makalahad ng mga impormasyon na naaayon sa kasalukuyang na kaganapan sa Asya at makabahagi ng mga larawan at ibat'ibang actividad na sumisimbolo sa kultura at tradisyon ng bawat bansa. |

# Technology for Teaching-Learning Integration Plan

Instruction/Procedures/Mechanics

1. **Scrapbook**
   a. Ang buong klase ay hahatiin sa 6 pangkat. Ang bawat pangkat ay kailangan gumawa ng isang scrapbook na naaayon sa natalaga na bahagi ng Asya.
   b. Ang nilalaman ng scrapbook ay ang ibat-ibang katangiang pisikal, konsepto ng lugar at kultura ng bawat bahagi na nakatalaga sa bawat grupo.
   c. Maaaring gawin ito sa pamamagitan ng maglalahad ng mga larawan o story-board. Inaanyayahan ang bawat grupo na gumamit ng recycled materials.

Pangkat 1:Silangang Asya
Pangkat 2:Timog-Silangang Asya
Pangkat 3:TimogAsya
Pangkat 4: Hilagang Asya
Pangkat 5:Kanlurang Asya
Pangkat 6:Gitnang Asya.

Rubrics

**Rubriks sa Pagmamarka ng Scrapbook.**

| Pamantayan | 4 | 3 | 2 | 1 | Puntos |
|---|---|---|---|---|---|
| **Kaugnayan sa paksa** | Ang scrapbook ay nagpapakita ng mahusay na pag-uugnay sa paksa | Ang scrapbook ay nagpakita ng pag-uugnay sa paksa | Ang scrapbook ay nagpakita ng maliit na pag-uugnay sa paksa | Ang scrapbook ay hindi nagpakita ng pag-uugnay sa paksa | |
| **Mensahe ng scrapbook** | Naipabatid ng buo ang mensahe ng scrapbook | Naipabatid ang mensahe ng scrapbook sa mga tagapagmasid | Naipabatid ng kaunti ang mensahe ng scrapbook sa mga tagapagmasid | Hindi naipabatid ang mensahe ng scrapbook sa mga tagapagmasid | |
| **Pagkamalikhain** | Nakalikha ng orihinal na scrapbook ang pangkat | Nakalikha ng scrapbook ang pangkat | Hindi natapos ng pangkat ang scrapbook | Walang nagawang scrapbook ang pangkat | |
| **Dating ( Impact )** | Nakatawag agad ng pansin ang scrapbook sa mga tagapagmasid | Nakatawag ng pansin ang scrapbook sa mga tapagmasid | Hindi agad nakatawag ng pansin ang scrapbook sa mga tagapamasid | Hindi nakatawag ng pansin ang scrapbook | |
| **Kalidad ng mga kagamitang ginamit** | Kumpleto, malinis at maayos ang mga kagamitang ginamit sa paggawa ng scrapbook | Malinis ang mga kagamitang ginamit sa paggawa ng scrapbook | Kulang ang mga kagamitang ginamit sa paggawa ng scrapbook | Walang dalang gamit ang pangkat sa paggawa ng scrapbook | |

# Technology for Teaching-Learning Integration Plan

*Ikalawang Marka*

| | |
|---|---|
| Unit Objectives/Key Understanding | ***2nd Grading***<br>1. Ang mag-aaral ay may kritikal na pagsuri sa mga kaisipang Asyano, pilosopiya at relihiyon na nagbigaydaan sa paghubog ng sinaunang kabihasnan sa Asya at sa pagbuo ng pagkakilanlang Asyano.<br>2. Nakakabuo ng mga kongklusyon hinggil sa kalagayan, pamumuhay at development ng mga sinaunang pamayanan.<br>3. Nasusuri ang paghubog, pag-unlad at kalikasan ng mga mga pamayanan at estado. |
| Topic | ***Sinaunang Kabihasnan sa Asya Hanggang sa Ika-16 na Siglo***<br>**A. Paghubog ng Sinaunang Kabihasnan sa Asya**<br>- Kalagayan, pamumuhay at development ng mga sinaunang pamayanan ( ebolusyong kultural )<br>- . Kahulugan ng konsepto ng kabihasnan at ang mga katangian nito<br>- Mga sinaunang kabihasnan sa Asya (Sumer, Indus, Tsina) |
| Week & Duration | **August-October**<br>(3 meetings per week, 1 hr per meeting) |
| Learning Activities (Required Output) | 1. Ang bawat mag-aaral ay kailangang gumawa ng genogram upang matukoy ang ugat ng kanilang pagkatao. Malaman at mapag-aralan ang kanilang pamilya kung saan sila nabibilang.<br>2. Gumawa ng isang video story na patungkol sa ebolusyon o transition ng mga sinaunang kabihasnan sa Asya. |
| Edtech Tools Needed | ***Video Presentation***: Upang maipakita ang aktuwal na kalagayan, pamumuhay at development ng mga sinaunang pamayanan. |

| | |
|---|---|
| | ***Power Point Presenation***: Upang makalahad ng mga impormasyon patungkol sa kahulugan, konsepto at katangian ng bawat kabihasnan.<br>**Digital Poster**: Mailahad ang sinaunang kabihasnan sa Asya (Sumer, Indus, Tsina) |
| Instruction/Procedures/Mechanics | 1. **Genogram**<br>a. Ang bawat mag-aaral ay kailangang gumawa ng isang genogram o family tree.<br>b. Gumawa ng **legend** para maging gabay sa maglalahad o paggawa ng genogram.<br>**2. Video Story** ( Ebolusyon ng Sinaunang Kabihasnan sa Asya)<br>a. Ang buong klase ay hahatiin sa 5 pangkat. Ang bawat pangkat ay kailangan gumawa ng isang video clip patungkol sa transition ng pag-unlad ng bawat kabihasnan sa Asya. |

# Technology for Teaching-Learning Integration Plan

| Rubrics | Genogram |
|---|---|

Presentasyon...................... 50 %

Oragnisasyon.......................50%

Kabuuan...............................100 %

**Video Presentation**

| PAMANTAYAN | 8-7 | 6-4 | 3-1 |
|---|---|---|---|
| Organisasyon | Mahusay ang organisasyon at pagkakasunod-sunod ng mga pangyayari sa video | May lohikal ang organisasyon ngunit hindi masyadong mabisa ang pagkakasunod-sunod ng mga pangyayari | Hindi maayos ang organisasyon ng mga ideya / pangyayari, walang angkop na panimula at wakas |
| Orihinalidad | Ang video na ginawa ay naaayon sa makabago at natatanging paksa, hindi gasgas ang konsepto | Mahusay dahil hindi masyadong karaniwan o madalas mangyari ang konsepto ng video | Masyado ng gasgas at karaniwan ang konsepto ng video |
| Boses o Tinig | Ang boses / tinig ng tagapagsalaysay ay maayos at malinaw para sa mga tagapakinig / tagapanood. Gumagamit ng iba't ibang himig sa pagpapahayag ng damdamin. | Ang tinig ng tagapagsalaysay ay hindi gaanong malinaw para sa mga tagapakinig / tagapanood. Gumagamit lamang ng iilang himig sa pagpapahayag ng damdamin. | Hindi malinaw ang boses / tinig ng tagapagkwento at hindi gumagamit ng iba't ibang himig sa pagbibigay-diin sa pagpapahayag ng damdamin. |
| Pagkuha ng atensiyon | Malakas ang hatak / dating sa mga manonood at nang-iiwan ng isang magandang impresyon o kakintalan | Magaling ngunit hindi masyadong nakapagpapanatili ng atensyon sa mga manonood. | Hindi nakakapukaw ng atensyon sa mga manonood at kailangan pang pag-ibayuhin. |
| Ekspresyon sa mukha | Makikita ang pagiging sinsero ng tagapagkwento sa bawat salitang kanyang binibitawan | Hindi masyadong naipakita ang pagiging sinsero at mababanaag sa mukha ang pagiging kabado | Ang mga damdaming nakalahad sa kwento ay hindi nakitaan sa ekspresyon ng mukha ng tagapagkwento |
| Produksiyon | Ang paggamit ng font style, font size, transitions at animations ay magandang tingnan at nababasa ng mga tagapanood kahit na nasa malayo. | Ang paggamit ng ilang font style, font size, transitions at animations ay hindi masyadong magandang tingnan at hindi masyadong nababasa ng mga tagapanood. | Ang lahat ng font style, font size, transitions at animations ay hindi angkop at paminsan ay masakit sa mata kung tingnan dahil hindi tama ang kombinasyon ng mga kulay at hindi nababasa ng mga tagapanood. |
| | Ang music at sound effects ay mas lalong nagpapaganda sa kinalalabasan ng presentasyon. | Ang boses ng tagapagsalaysay ay madalas na natatabunan ng mga sound effects. | Ang boses ng tagapagkwento ay hindi malinaw dahil mas malakas / nangingibabaw ang music at sound effects |

Komento ng Guro:

**Technology for Teaching-Learning Integration Plan**